

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROKAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROKAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 20, 1995, 9:25 NG UMAGA SA BUDNAGANG NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batloos	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Horacio O. Taylay
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.

RESOLUTION NO. 22
Series of 1995

RESOLUSYONG NAGPAPAABOT SA MGA KINAUKULAN NG MOA LIMIS SA BATAS AT DI-KANAIS-NAIS NA GAWAIN NG HIGHWAY PATROL TEAM SA SILANGANG MINDORO AT HUMIHILING NG MAAGAP AT KARAMPATANG ASECYON DITO.

SAPAGKA'T, noong Marso 16, 1995, ang isang team ng Highway Patrol ng Silangang Mindoro ay dumating sa bayan ng Roxas at banghuli ng mga sasakyang pampubliko at pribado at ito ay dinala (impounded) sa tahanan ng isang pribadong tao sa loob ng isang araw at isang gabi;

SAPAGKA'T, ang ilang nahulihan ng sasakyan ay kinunan ng lisansa at hinihingi ng multa na walang katugong resibo samantalang ang ilang pinili ay dinala sa Calapan, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T, ang gawag ito ay pangangikil at tahasang paglabag sa mga tuntunin at regulasyon sa operasyon at pagpapatakbo ng mga sasakyan;

SAPAGKA'T, sa halip na matulungan ang mga mamamayan na ilapit ang pangangailangan sa pamahalaan ay sila pa ang nagbibigay-puwang upang magkaroon ng mga anomalya tungo sa personal na layunin na siyang naglalayo sa mga tao sa pamahalaan at sa mga tauhan nito;

SAPAGKA'T, kapag ang mga gawaing ito ay nagpatuloy, magiging kawawa ang kalagayan ng mga taong sangkot at mawawala ang tiwala na ang pamahalaan ay tagapagtanggol at nagpapanatili ng karapatan ng mga mamamayan;

[Handwritten signature]

SAPAGKA'T, sa pagtatanggol sa mga karapatang ito, maraming mga mamamayan ang nagnanais na magbigay ng mga affidavit ng pagpapatunay subalit natatakot sa mga maaaring maging balik nito sa kanila;

SAPAGKA'T, ipinasya ng mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ito na ipaalam sa mga kinaukulan ang mga lihis na gawaing ito ng Highway Patrol Team ng Silangang Mindoro at hilinging bigyan ito ng maagap na pagtugon.

DAHIL DITO, sa mungkahi nina Kagawad Ferdinand V. Talens at Kagawad Ramulfo G. Bernal na pinangalawahan ni Kagawad Eduardo G. Villamin -


IPINASTA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga kinaukulan ang mga lihis sa batas at di-kanais-nais na gawain ng Highway Patrol Team ng Silangang Mindoro at hilingin din na bigyan ito ng maagap na pagtugon.

IPINASTA RIN, na ipadala ang copi ng kapasyanang ito sa PNP Highway Patrol, Calapan, Silangang Mindoro at sa PNP Highway Patrol, Camp Crame, Quezon City para sa kanilang kaalaman at hinihiling na maagap na pag-aksyon para sa katarungan at pantay na pagpapatupad ng ating mga batas sa ikabubuti ng lahat ng mamamayan.

Pinagtibay ng lahat.

Adopted: 20 Marso 1995

CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA F. FUENTES
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACTO L. YASON
Municipal Mayor

tsffaina/